Tanggapan ng Ingat-yaman at Tagakolekta ng Buwis

José Cisneros, Ingat-yaman

Traducciones disponibles en línea en sftreasurer.org 可通過sftreasurer.org在線獲取翻譯
Magagamit ang mga pagsasalin sa online sa sftreasurer.org

Magbayad Online o Sa Koreo para Panatilihing Ligtas ang Ating Komunidad

Kasalukuyang sarado ang aming tanggapan dahil sa COVID-19. **Pumunta sa sftreasurer.org** para magbayad online. Kung karaniwan kang personal na nagbabayad gamit ang cash, makakabili ka ng money order gamit ang cash sa Post Office o iba pang lokasyon at sa halip ay ipadala ito sa koreo. Hindi ka sisingilin ng mga multa sa pagiging late kung natanggap ang iyong online na kabayaran o sinelyuhan ng USPS ang iyong sobre ng kabayaran bago ang petsa ng pagka-late.

Timeline ng Buwis sa Ari-arian sa San Francisco

Hulyo

Magpapadala ang tagatasa ng Notice of Assessed Value (Abiso sa Sinuring Halaga) sa mga nagbabayad ng buwis. May higit pang impormasyon sa **sfassessor.org.**

Setyembre

Inaprubahan ng Lupon ng Mga Superbisor ang mga rate ng buwis sa ari-arian.

Oktubre 15

Dapat nakatanggap na ng singil sa buwis sa ari-arian ang lahat ng nagbabayad ng buwis.* May higit pang impormasyon sa **sftreasurer.org.**

Disyembre 10

Takdang petsa para sa pagbayad ng unang hulog (installment).

Abril 10

Takdang petsa para sa pagbayad ng pangalawang hulog (installment).

*Maaaring maglabas ng mga escape o karagdagang singil sa buwis na dagdag pa sa taunang singil sa buwis dahil sa pagbabago ng may-ari o bagong konstruksiyon.

Bayarin sa Rent Board

Ang bayarin sa Rent Board (Lupon sa Upa) ay sinisingil sa mga landlord bawat taon sa singil sa buwis sa ari-arian at pinapahintulutan ang mga landlord na mangolekta ng bahagi ng bayarin mula sa mga nangungupahan. Para sa taon ng buwis na 2020-2021, ang bayarin para sa pinapaupahang yunit ay $50 para sa bawat yunit ng apartment at $25 para sa bawat residensiyal na kuwarto sa hotel. Para sa karagdagang impormasyon sa Rent Board at bayarin, tumawag sa **(415) 252-4600** o pumunta sa **sfrb.org** i-search ang fee.

Binabayaran mo ba ang iyong mga buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng iyong pagbabayad ng sangla o mortgage?

Kung binabayaran mo ang iyong mga buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng iyong pagbabayad ng sangla at wala kang nakikitang mensahe tungkol dito sa iyong bill, narito ang ilang hakbang na magagawa mo ngayon para tiyaking ang nagpapautang (mortgage lender) o nagbibigay ng serbisyo sa sangla (mortgage servicer) ay nagbabayad sa tamang oras sa iyong ngalan:

- Tingnan ang pinakabagong pahayag sa sangla para kumpirmahin na ang mga buwis sa ari-arian ay naka-withhold
- Makipag-ugnayan sa iyong nagpapautang o nagbibigay ng serbisyo kumpirmahin na ire-remit nila ang mga buwis sa iyong ngalan

Kailangan ng Tulong?

Kung mayroon kang alalahanin tungkol sa iyong kakayahang magbayad at kailangan mo ng tulong, pumunta sa **sftreasurer.org/COVID19property**.

Nakipagtulungan ang aming tanggapan sa 311 para makapagbigay ng serbisyo sa customer sa lahat ng residente at negosyo ng San Francisco. Isumite ang iyong tanong sa pamamagitan ng pagpunta sa **sftreasurer.org/help-center** o pagtawag sa **311** sa loob ng San Francisco.

Pinapanatiling Ligtas at Malusog ng Mga Buwis sa Ari-arian ang Ating Lungsod

Umabot ang kita ng buwis sa Ari-arian ng SF ng higit sa $3 bilyon noong nakaraang taon at binuo nito ang humigit-kumulang 25% ng kitang kinolekta ng lungsod. Ngayon, higit kailanman, ay umaasa ang Lungsod sa iyong mga buwis para pondohan ang mahahalagang serbisyo gaya ng pampublikong kalusugan, transportasyon, serbisyo para sa sunog, mga parke at libangan.

Mayroon ding ilang buwis sa bahagi ng lupa na ipinasa ng mga botante sa mga nakaraang taon, na sumusuporta sa SF Unified School District at City College of SF sa pagkakaloob ng mga modernong pasilidad at de-kalidad na edukasyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga buwis sa bahagi ng lupa, bisitahin ang **sfusd.edu** at i-search ang voter initiatives (mga inisyatiba ng botante) o bumisita sa **ccsf.edu** at i-search ang parcel tax (buwis sa bahagi ng lupa).

Alamin ang Tungkol sa Mga Programa ng Tulong sa Buwis sa Ari-arian!

Mga Pagbubukod para sa Senior Citizen ng SFUSD

Sa loob ng nakaraang dekada, inaprubahan ng mga mamamayan ng San Francisco ang mga panukala upang magbigay ng pondo sa SF Unified School District. Lahat ng mga pnaukalang na ito ay naglaman ng pagbubukod para sa mga senior citizen na nakatira sa ari-arian kung natutugunan nila ang mga partikular na kwalipikasyon. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa **(415) 355 -2203** o pumunta sa **www.sfusd.edu/seniorexemption**.

Mangyaring Tandaan: Ang mga bahagi ng lupa na nakatanggap ng pagbubukod noong 2019-2020 AT patuloy na natutugunan ang mga kwalipikasyon ay awtomatikong mabubukod para sa 2020-2021. Kung nais mong malaman ang iyong katayuan, magpadala ng email sa **SeniorExemptionOffice@sfusd.edu** at isama ang numero ng iyong block at lote at pangalan ng senior citizen na naninirahan sa bahagi ng lupa.

Mga Senior Citizen at Taong may Mga Kapansanan

Pinapayagan ng Property Tax Postponement Program (Programa sa Pagpapaliban ng Buwis sa Ari-arian) ng Tagakontrol ng Estado ang mga may-ari ng tahanan na senior citizen, bulag, o may kapansanan, na ipagliban ang pagbabayad ng buwis sa ari-arian para sa kasalukuyang taon kung natutugunan nila ang mga partikular na kwalipikasyon. Magiging available ang mga aplikasyon para sa 2020-21 sa Setyembre 2020. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa **(800) 952-5661** o pumunta sa **www.sco.ca.gov** at i-search ang property tax postponement (pagpapaliban ng buwis sa ari-arian).

Mga Karagdagang Mapagkukunan Mula sa Aming Tanggapan

Pagtuturo Tungkol sa Wais na Paggamit ng Pera

Narito ang aming mga nakatuon na coach para suportahan ka sa mahirap na sitwasyong ito. Inilipat ng aming libre, kumpidensiyal, at one-on-one na pagtuturo sa pananalapi ang lahat ng mga appointment sa mga appointment gamit ang telepono at video. Makakatulong ang Smart Money Coaching (Pagtuturo Tungkol sa Wais na Paggamit ng Pera) sa iyong bawasan ang iyong utang, itaguyod at pagbutihin ang iyong iskor sa kredito, simulan o paramihin ang iyong ipon, at magbukas ng o lumipat sa isang ligtas at abot-kayang bank account. Pumunta sa **sfgov.org/ofe** at i-click ang Meet a Financial Coach (Makilala ang isang Coach sa Pananalapi) o tumawag sa **877-256-0073** para magpaiskedyul ng appointment.

Mga Pinansiyal na Mapagkukunan para sa COVID-19

Bumuo ang pandemya ng COVID-19 ng matinding pinansiyal na krisis. Kung nakakaranas ka o ang iyong pamilya ng pinansiyal na kahirapan, makakahanap ka ng mga mapagkukunan para tulungan ka sa mga loan, mortgage o upa, mga bill sa utilidad, mga multa o singil ng pamahalaan, at pagkolekta ng upa. Para alamin pa, pumunta sa **sfgov.org/ofe/covid-19-financial-resources.**

Office of the Treasurer & Tax Collector
City Hall - Room 140
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102
sftreasurer.org